



Mga Pagbabago sa Immigration Control Act. Part 2

Ang alien registration card ay magiging “Residence Card” na may kasamang IC chip para mas madali at kumbenente .

Ito ang ikalawang yugto ng Immigration Control Act. Ang “Residence Card” bilang bagong ID ay isinaayos para sa mga dayuhang residente. Ito ay magagamit sa pagkuha ng certificate of residence at hindi na kinakailangang kumuha ng re-entry permit sa maikling panahon na pag-alis sa bansa.

Gamitin ang pangalan gaya ng nakasulat sa pasaporte.

Ang mga dayuhang residente ay makakakuha na ng certificate of residence

Karagdagang detalye ang ipapaliwanag ukol sa Immigration Control Act sa buwanang isyu ng Mayo at Hunyo. Ang Alien Registration card ay papalitan ng “Residence Card” mula July 9, 2012. Ang bagong card ay may kasamang IC chip para mas mapadali ang pagkuha ng impormasyon. Sa ngayon, ang tanggapan ng imigrasyon ay tumatanggap na ng aplikasyon para sa bagong card ngunit hindi kinakailangang magmadali. Ang mga matagal ng naninirahan dito, asawa ng Japanese national at sinumang may employment status ay makakakuha ng bagong card sa immigration sa petsa ng pagpapabago ng kanilang resident status makalipas ang Hulyo. Tuwing magpapapalit o magpapabago ng resident status, tatak o selyo ay kailangang nakalagay sa pasaporte. Sa ilalim ng Immigration Control act, ang pagtatak sa pasaporte ay gagawin lamang tuwing aalis o papasok sa bansa. Lahat ng impormasyon sa estado ng residente ay nakasaad sa Residence card at isang bagong Residence card ang ibibigay sa oras ng pagpapalit o pagbabago. Ang mga permanenteng residente ay kailangang mag-aply ng bagong card sa loob ng 3 taon mula July 2012. Subalit, ang anak na tutungtung ng 16 na taon sa loob ng 3 taon ay kinakailangang mag-aply para sa bagong card bago pa man siya maging 16 na taong gulang. Ang anak na wala pang 16 na taong gulang kung saan ang magulang ay isang long term resident at asawa ng Japanese national ay kailangang mag-aply ng bagong card bago sumapit ang kaarawan ng bata kung ang kaarawan ay mas mauuna kaysa sa susunod na pagbabago ng card. Ang permanenteng residente ay kailangang mag-aply para sa bagong card kada 7 taon.

Pinapakiusap na laging dadalhin ang bagong card gaya ng nakaugalian sa kasalukuyang alien registration card.

Isa sa mga natatanging pagbabago sa ilalim ng Immigration Control Act mula Hulyo 9 ay ang permiso ng muling pagpasok o re-entry permit.


Sa kasalukuyan, kailangan ang re-entry permit kahit sandaling paglabas ng bansa. Sa bagong batas, hindi na kailangan ang re-entry permit kung walang isang taon ang pag-alis. (Kung ang permiso ng paninirahan ay matatapos sa loob ng 1 taon matapos umalis, mangyari lamang na bumalik sa bansa bago ang takdang petsa ng expiration ng pagtira.) Dalahin ang bagong card kapag umuuwi sa inyong bansa. Isa pang detalye ang pagbabawal ng pagsusulat ng alyas

o palayaw sa resident card. Kung ano ang nakasulat sa pasaporte ay ganun din dapat ang nasa resident card. Sa bagong resident card ang mga dayuhang residente ay makakakuha ng certificate of residence kung saan ay maaring isulat ang alias o palayaw. Ang mga short term



visa holder at mga over stay ay hindi mabibigyan ng nasabing resident card subalit ayon sa gobierno sila ay maari pa ring tumanggap ng mga benepisyo sa medical at edukasyon.
 (Ms. Miho Fujibayashi, an administrative scrivener)
http://www.immi-moj.go.jp/newimmiact_1/index.html


“International Festival” sa Mayo 19 (Sabado)



Saan : Hihgashi-kubo Central Park malapit sa supermarket “Aeon”, Oras :10:00-16:00
 Pampamilyang kasiyahan!! Pag umulan man at hindi malakas, itutuloy pa rin.

Mula Abril child care allowance ang tawag sa child allowance

Pinalitan ang “Child allowance” ng “Child care allowance” ngayong 2012. Ang halaga ng benepisyo ay isinaayos at isang income limit ang ipatutupad. Mga detalye ng bagong sistema ay nakalarawan sa baba:



“Fujimino private school” simula ngayong summer holiday.

Ang klase ay bukas para sa mga batang nasa ika-5 at ika-6 na grado sa primary school sa Fujimino city. Ito ay makakatulong sa kanilang pag-aaral. Ang bakasyon daw ang tamang oras para sa kalusugan, mas maliksing pag-iisip at para matutunang magustuhan ang inaayawang asignatura.

Kailan: Mula Agosto 21(Miyerkules) - 28(Biyernes) at 28(Martes), Oras: Umaga

Saan: Kamifukuoka community center at Oi Central community center.

Magtuturo: mga advisers sa Edukasyon

Ang child care allowance/month mula FY 2012 ay ang mga sumusunod:

3 taong gulang pababa	Mula 3 taong gulang – primary school child		Junior high school na mga bata
	Una at ikalawang bata	Ikatlong bata	
15,000Yen	10,000Yen	15,000Yen	10,000Yen
Mataas na income: 5,000 Yen/kada bata			

Ibinibigay at Naghangad corner // baka makahanap ng kailangang kagamitan

Sa newsletter ng Fujimi City, may nakasaad na balita ukol sa palitan ng impormasyon na may mga gamit na hindi na kailangan ay maaring mahingi, gayundin mga gamit na hinahangad matanggap. Sinasabing sa Europa, maingat nilang pinahahalagahan ang mga kagamitang namana sa mga ninuno.

Alamin ang tungkol sa lathala bago mamili ng kagamitan, baka sakaling ang inyong ninanais bilihin ay isa sa mga kagamitang ibinibigay.. Sa karagdagang impormasyon: Fujimi city Kankyo-ka 049-251-2711, Ext. 246. Sa FICEC, kami ay laging handing tumulong. Tingnan lamang kung saang syudad ang lathala at anong kagamitan ang ninanais at tumawag sa aming tanggapan Tel. 049-269-6450.

www.ficec.jp/living/

Tingnan din ang Living Guide sa 6 na lenguahe sa aming website.<http://www.ficec.jp/>